


1

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 17: Pagsunod sa Payak na Isa o Tatlong Direksyon



**MTB - MLE – Unang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan-Modyul 17: Pagsunod sa Payak na Isa o Tatlong Direksyon
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Olive L. Benitez, Marietess B. Baquiran
Editor: Jun-Jun R. Ramos, Mark-Jhon R. Prestoza
Maria Geraldine G. Lastra, Maricor G. Lopez, Bryan D. Tagaca
Tagasuri: Marietess B. Baquiran, James D. Pamittan
Tagalapat: Paolo Jericoh T. Baquiran
Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James D. Pamittan
Romel D. Costales
Rodrigo V. Pascua
Marietess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 17:
Pagsunod sa Payak na Isa o
Tatlong Direksyon

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagbati sa iyo mahal na mag-aaral. Narito ang bago nating aralin sa araw na ito.

Inaasahan ko na masasagot mo nang tama ang mga tanong at magamit ang mga napag-aralan sa Pagsunod sa Payak na Isa o Tatlong Direksyon.

Handa ka na ba? Simulan na natin.




Subukin

Gawain 1

Ipikit ang iyong mga mata. Habang ikaw ay nakapikit gumuhit ng bilog at lagyan ng tuldok sa gitna. Gawin ito sa isang malinis na papel.

Nagawa mo ba ang panuto? Natuwa ka ba sa kinalabasan ng ginawa mo? Okay lang kung sakaling hindi mo ito nagawa nang mabuti. Maaari ka pa ring magpatuloy sa iyong pag-aaral.



Balikan

Babasahin ang pahayag at isagawa ang mga ito.

1. Tumayo nang matuwid.
2. Itaas ang dalawang kamay.
3. Ipadyak ang iyong mga paa nang tatlong beses.
4. Ipalakpak ang mga kamay.



Tuklasin

Basahin ang kuwentong “Ang Empanada nina Elan at Elen”.
Alamin ang kanilang ginawa.

Kambal sina Elan at Elen. Pareho sila ng gusto. Palagi silang sinasabihan ng nanay nila na bago maglaro, kailangan nilang maligo, kumain ng almusal at magsipilyo ng ngipin.

Minsan naglalaro sila sa bakuran, dumaan ang tindera ng empanada na si Aling Enyang. Ibinili sila ng kanilang nanay.

Kakainin na nila ang empanada nang matisod si Elan. Nadapa siya at natapon ang empanada. Lumapit sa kanya si Elen. Inalo siya at inalok na hati na lamang sila sa empanada.

Sagutin ang mga tanong na may kaugnayan sa kuwento.

1. Ano ang tinda ni Aling Enyang?

2. Sino ang nag-aalaga sa kambal?

3. Ano ang paborito nilang meryenda?

4. Bakit umiyak si Elan?

5. Paano pinatahan ni Elen si Elan?




Suriin

Batay sa binasang kuwento sagutin ang mga katanungan kaugnay sa ginawa ni Elen at Elan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tatlong panuto na ibinigay sa kanila bago maglaro?

2. Sinunod ba ito nina Elen at Elan?

3. Ano ang idinulot ng pagsunod sa panuto?



Pagyamanin

Narito ang iba't ibang kasanayan. Subukin mo itong gawin.

Gawain 1

Gawin ang sinasabi sa bawat panuto.

1. Maupo nang maayos, itaas ang kanang kamay at iwagayway.
2. Ilabas ang iyong papel, isulat ang iyong pangalan at gumuhit ng malaking puso sa gitna ng papel.
3. Iguhit mo ang iyong paboritong laruan, kulayan ito, at ipakita sa iyong nanay.

Nagawa mo bang lahat nang panuto? Kung hindi muli itong balikan at iwasto ang iyong ginawa.



Isaisip

Upang magkaroon ng maayos at matagumpay na gawain, mahalagang sundin ang mga panuto. Intindihin ito nang mabuti at pag-isipan kung paano ito gagawin. Sa ganitong paraan, makasisiguro na hindi ka magkakamali sa iyong gawain.



Isagawa

Basahin ang mga sumusunod na panuto. Pumili ng isa sa mga ito at iyong isagawa.

A	B	C
---	---	---

- A. Maglabas ng isang papel at gumuhit ng malaking bilog. Sa loob ng bilog, isulat ang pangalan.
- B. Kunin ang walis tambo, magwalis sa silid-tulugan at ilagay sa basurahan ang mga nawalis na kalat.
- C. Hawakan ang dalawang kamay ng iyong kasamang nag-aaral. Tumingin sa kanya nang nakaharap at sabihing, “Salamat po!”.




Tayahin

Pumili ng hugis na gusto mo. Sa bawat hugis ay may panuto na nakapaloob dito.

Tatasahin ang iyong kakayahang sumunod sa panuto sa pamamagitan ng rubrik sa ibaba.

Puntos	Kriterya
5	Nakasunod sa lahat ng panuto at nakapagpaliwanag nang maayos.
4	Nakasunod sa lahat ng panuto ngunit kulang sa pagpapaliwanag.
3	Nakasunod sa panuto ngunit walang paliwanag.
2	Hindi nakasunod sa panuto.



Kumuha ng paborito mong gamit sa loob ng iyong bag, ipakita ito sa kasama. Sabihin kung ano ito at ang gamit nito.



Sabihin ang paborito mong prutas. Maghanap ng kasingkulay sa bahay at ipaliwanag kung bakit.



Pangalanan ang mga kapatid. Sabihin kung sino sa kanila ang palagi mong kasama at ipaliwanag kung bakit.



Karagdagang Gawain

Maghanap ng larawan ng buong pamilya, gupitin ito at idikit sa isang malinis na papel.



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin

1. epanada
2. nanay
3. epanada
4. natalisod, nadapa at natapon ang epanada
5. inalo at inlok ng kalahating epanada

Suriin

1. Maligo, kumain ng almusal, magsipilyo ng ngipin
2. Opo
3. Maayos silang nakapaglaro at nakakain sila ng paborito nilang epanada

Sanggunian

Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph